# IKAAPAT NA PAMANAHUNANG PAGSUSULIT
## FILIPINO 2

Pangalan ____________________________________________ Iskor __________

Piliin at bilugan ang letra ng tamang sagot

1. Gumuhit ng puso. Isulat ang isang daan sa loob nito at guhitan ito sa ilalim.
   Alin sa sumusunod ang nakakasunod sa panuto?

100

120

opo

500

A B C D

2. Alin sa sumusunod ang gumagamit ng magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lugar?
   A. Saan po ba rito ang papuntang SM? C. Saan ang SM dito?
   B. Ituro mo sa amin ang SM. D. Dito ba papunta ang SM?

3. Kahit mahirap sila Rona ay naipagpapatuloy niya ang kanyang pag-aaral. Natutustusan ng kanyang mga magulang ang kanyang mga pangngailangan. Naibibili siya ng mga gamit sa paaralan. Ano ang kahulugan ng salitang natutustusan?
   A. naibibigay B. pangangailangan C. biyaya D. nakukulangan

Basahin ang kuwento:

Napapaligiran ng mga dagat ang Pilipinas .Makikita ang mga karagatang ito sa iba't ibang kapuluan sa Pilipinas. Ang tubig na galing sa bundok at bayan ay umaagos sa dagat . Malalim ang tubig sa ating dagat. Maraming isdang mahuhuli rito.

4. Ano ang nakapaligid sa Pilipinas?
   A. dagat B. kapuluan C. bundok D. lawa

5. Saan napupunta ang tubig na galing sa bundok?
   A. lawa B. dagat C. bayan D. pulo

6. English ang salitang pinagamit ni Ginang Soler sa kanyang anak na si Mariel. Minsan ay naglibot si Mariel sa kanyang kalaro na walang kasama. Nabasa niya ang karatula na "Mag-ingat sa aso". Dahil di niya naintindihan ang nakasulat ay patuloy pa rin siyang lumakad. Ano ang nangyari kay Mariel?
   A. Naglaro sila ng aso C. Kinagat ng aso
   B. Hinanap siya ng kaibigan D. Natuwa siya sa aso

7. Ano ang pangalan ng larawan na nasa ibaba?
   A. plato B. globo C. klase D. preno



Basahin ang talata:

Kahit maliit pa si Anita ay mahilig siyang tumutlong sa kanyang mga kaibigan at mga kamag-aral. Natutuhan niya ang gawaing ito sa kanyang mga magulang at kapatid. Kung may Nagluluto ng pagkain ang kanyang magulang upang ipakain sa mga nasalanta ng kalamidad. Ang kanyang kuya at ate naman ay naghahanda ng mga damit, kumot, bigas at iba pang mga pagkaing madaling iluto.

8. Ano ang maaring pamagat ng kuwento?
A. Paghahanda ng Pagkain
B. Ang Matulunging Mag-anak
C. Ang Kalamidad
D. Magulang, at mga Anak

9. Mapapadali ang paghahanap mo sa iyong aralin sa Mathematics tungkol sa Area dahil ito ay nakaayos ayon sa Alpabetong Filipino, saan mo ito hahanapin?
A. Talahuluganan B. Pabalat C. Glossary D. Index

10. Ano ang sasabihin mo kung nakikipag-usap ka sa telepono?
A. Sino ka?
B. Ano po ang inyong kailangan?
C. Ano ang kailangan mo?
D. Bakit ka tumawag?

11. Alin sa pangungusap ang nagpapakita ng paggalang sa pakikipag-usap sa telepono?
A. Pasensiya po, wala po si Ate dito.
B. Ay, wala si Ate dito.
C. Umalis si Ate.
D. Saka na lang tumawag.

12. Aling pares ng mga salita ang magkatugma?
A. lapis- matulis B. mabagal- makupad C. malayo- malapit D. lapad- masipag

13. Alin ang katunog ng salita sa unahan?
Dayuhan A. masarap B. natupad C. ibinigay D. payuhan

14. Ayusin ang mga salita ayon sa Alphabetong Filipino?
1. punong-kahoy 2. balat-sibuyas 3. kapit-bahay 4. anak- pawis
A. 1-2-3-4 B. 4-2-3-1 C. 2-1-4-3 D. 3-4-1-2

15. Kung babawasan natin ng letrang **w** ang salitang **walis**, ano ang bagong salitang mabubuo?
A. alas B. alis C. dalas D. ahas

16. Ang mga mamamayan ay nawalan ng bahay dahil sa malakas na bagyo. Alin ang nagpapahayag ng sanhi?
A. malakas na bagyo
B. ang mga mamamayan
C. nawalan ng bahay
D. mamamayan ay nawalan

17. Ano ang maaaring maging bunga kung nilinis ng mga lalaki ang kanal sa tapat ng kanilang bakuran?
A. Nawala ang mga tirahan ng lamok.
B. Nagalit ang kanilang punong barangay.
C. Nainis ang kapitbahay
D. Dumami ang mga kalat sa paligid

18. Alin ang magalang na pananalita ang maaring gamitin sa pagbibigay komento sa isang usapan?
A. Mawalang galang nga po puwede po bang magbigay ng kuro-kuro?
B. Mali-mali ang pinagsasabi ninyo?
C. Sino sa inyo ang magbibigay ng magandang suhestiyon?
D. Hindi na lang ako magsasalita.

19. Paano sinisimulan ang pangungusap?.
A. malaking letra
B. maliit na letra
C. may tuldok
D. may bantas

20. Alin sa pangungusap ang may diptonggo?
A. Lumipad ang ibon sa parang.
B. Maraming alagang baboy si Ate.
C. Masaki tang aking ulo.
D. Maganda ang anak ni Kardo.

Basahin ang sitwasyon:

Kaarawan ni Lito. Nagluto ang kanyang nanay ng pansit at spaghetti.  Bumili ng cake at lobo ang kanyang tatay. Nang aayusin na ang mga lobo ito ay nagliparan. Nalungkot si Lito dahilan sa darating na ang mga bisita. Natuwa bigla ang mag-anak nang dumating ang kanyang Tita Mila na may dalang lobo.

21. Ano ang suliranin sa kuwento?
    A. naubos ang cake
    B. umalis ang tatay
    C. lumipad ang mga lobo
    D. walang bisita

22. Ano ang angkop na panaguri sa simuno sa ibaba?
    Ang artistang si Coco Martin ay__________
    A. mahusay gumanap na Kardo.
    B. mabilis lumipad
    C. babaeng artista
    D. isang doctor

**II. Tama o Mali: Isulat ang tama kung ang pangungusap ay wasto at mali kung hindi.**

**Basahin ang kuwento:**

Dahil sapag-unlad ng lipunan at mabilis na pagbabago dala ng teknolohiya, kailangan nating matutong gumamit ng mga bagay na digital tulad ng computer, cellphone, digital na camera at iba pa. Ang kaalaman sa paggamit ay tinatawag na digital literacy.

23. Ang mga bagay na halimbawa ng digital ay baso, plato, at tasa


24. Ang kahulugan ng digital literacy ay kaalaman sa mga makabagong gadgets tulad ng cellphone/ laptop

25. Ang salitang **trak** ay may pantig na **KKPK**.

26. Ang salitang **basorahan** ay wasto ang pagkabaybay.

27. Sinisira ang aklat na hiniram sa silid aklatan.

**Pag-aralan ang graph: Isulat ang sagot sa patlang**

| Bilang ng Prutas na Inani sa Buwan ng Enero | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
|  | O | O | O | O | O | O | | | |
|  | O | O | O | O | O | O | O | O | |
|  | O | O | O | O | O | | | | |
|  | O | O | O | O | O | O | | | |

28. Aling prutas ang pinakamaraming inani? ___________________________

29. Ano namang prutas ang pinkamababang ani? ________________________

30.Ano anong prutas ang magkatulad ang bilang ng inani? _______________________________